

Ang konsepto sa kalluman ng Badjao: Pagsilang hanggang pagkamatay

Solis, Janet ✉

Zamboanga Peninsula Polytechnic State University, Philippines (janetsolis1978@gmail.com)

Received: 1 August 2022

Available Online: 20 October 2022

Revised: 15 September 2022

DOI: 10.5861/ijrse.2022.b018

Accepted: 4 October 2022

ISSN: 2243-7703

Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS



Abstract

Sa payak na pagbibigay-kahulugan ang mabuhay (survival) ay tumutukoy sa mga kalagayan o mga pangyayaring nagpapakita ng pagpapatuloy ng buhay sa kabila ng mga pagsubok o paghihirap (Merriam-Webster dictionary). Para sa mga Badjao, ang salitang kalluman ang pinaka-angkop na panumbas sa salitang survival. Ito ay kumbinasyon ng salitang kallu na ang ibig sabihin ay buhay (life) at man na nangangahulugang mga gawain (activity). Pangkalahatang layunin ng pag-aaral na ito ang pagbuo sa konsepto ng kalluman ng mga Badjao na inilarawan sa kultural na mga katawagan tungo sa pagkilala ng kanilang identidad gamit ang emik na perspektiba. Ang mga kultural na katawagan kaugnay ng kanilang mga tradisyon at paniniwala sa domeyn ng siklo ng buhay ay kinalap mismo mula sa mga katutubong Badjao. Kinapanayam ng mananaliksik ang mga katutubong Badjao sa pamamagitan ng pangkatang talakayan (FGD) upang mabigyan ng kahulugan ang mga katawagang ito. Lumabas sa pag-aaral na ang konsepto ng kalluman ay nakasalig sa kanilang paniniwala sa mga sinaunang tradisyon na tinatawag na boa kamatoahan, pananalig sa kanilang mga ninuno na may kapangyarihang magbigay ng biyaya at proteksyon sa mga marunong magbigay at magbahagi ng mga biyaya sa iba at mag-alay ng pasasalamat, paggalang at pag-alala sa mga ninuno, at mahigpit na pagsunod sa mga sinaunang tradisyon.

Keywords: kalluman, Badjao, kultural na katawagan, siklo ng buhay

Ang konsepto sa kalluman ng Badjao: Pagsilang hanggang pagkamatay

1. Introduksyon

Ang mga Badjao ay kilala bilang mga “**sea gypsies**” at “**nomadic people**” na nangangahulugang mga taong naninirahan sa bahay na bangka at walang permanenteng tirahan sapagkat palipat-lipat sila ng lugar kung saan masagana ang huli ng isda. Iba-iba ang tawag sa pangkat na ito depende sa lugar kung saan sila nanggaling. Tinatawag silang “*badjaw*”, “*badjaw- laut*”, “*bajo*”, “*luwaan*”, “*palau*”, “*sama*”, “*sama dilaut*”, at “*turiejene*” (Sather, 1993). Ang terminong “*Badjao*” ang ginamit sa pag-aaral na ito sapagkat ito ang ginagamit ng lokal na pamahalaan ng Lungsod Zamboanga. Ang mga Badjao ay likas na mahiyain, payapa at may mababang estado sa lipunan (Jumala, 2011). Dahil sa katangiang ito kusa silang umaalis sa kanilang lugar upang umiwas sa gulo at away. Sila na rin ang umiiwas sa mga taong nang-aapi at nagsasamantala sa kanilang kahinaan.

Ang mga Badjao noong unang panahon ay namumuhay nang masagana at tahimik sa Sulu Arkipelago na pangunahing nakasalalay ang pamumuhay sa yaman ng dagat. Ngunit dahil sa modernisasyon ng panahon sila ay nakararanas ng pang-aapi, kahirapan, at gutom bunga ng pagkawasak at patuloy na pagkasira ng kanilang kaligirang pandagat. Nangyayari ito dahil sa pagpasok ng mga komersyal na mangingisda sa kanilang pinangingisdaan. Karamihan sa kanila ay napilitang umalis hindi lamang dahil sa nararanasang kahirapan kundi dahil na rin sa pagsasamantala ng ibang tribo at panliligalig ng mga pirata. Bunga nito, nagkawatak-watak at nagsialisan ang mga Badjao sa kanilang lugar. Nagpalipat-lipat sila sa Lungsod ng Zamboanga at dahil wala silang mga kasanayan sa ibang uri ng hanapbuhay, napilitan silang mamalimos upang mabuhay. Dumami ang mga Badjao sa Lungsod Zamboanga. Ang iba’y dumayo at nakipagsapalaran sa iba’t ibang lugar ng Mindanao, sa Visayas hanggang sa Metro Manila (Adan, 2014).

Ang kaguluhan sa Mindanao, ang takot na mapatay ng mga pirata habang nangingisda lalong-lalo na ang mga kalalakihan, ang pagsasamantala ng ibang tribo at ang pagkakautang ay ilan sa mga dahilan kung bakit napilitang lisanin ng tribong Badjao ang Sulu Arkipelago patungong Zamboanga. Ang kahirapan at pangangailangan ng mga taong ito upang mabuhay ang nag-udyok sa kanila upang patuloy na maghanap ng iba pang mga lugar na maaari nilang tirhan at trabahong mapagkakitaan. Ngunit kahirapan din ang nadatnan nila sa mga lugar na ito dahil wala silang ibang kasanayan kundi ang panggingisda at pagsisid sa dagat at wala ding sapat na edukasyon upang makakuha ng magandang trabaho. Sila ay humantong lamang sa pamamalimos sa lansangan.

Isa sa mga minoryang katutubo sa dakong timog Mindanao ay ang mga Badjao. Isang karaniwan nang paglalarawan ayon sa iba’t ibang pag-aaral, (Nimmo, 1968; Arce, 1961; Teo, 1995) na ang mga Badjao ay madungis, mabaho at namamalimos sa lansangan at mga aping nilalang sa Mindanao (Hamilton, 1999). Ngunit hindi napagtuonan ng pansin ang mayamang kultura ng mga Badjao sa mga pag-aaral. Maaaring sa likod ng kanilang paraan at estado ng pamumuhay matutuklasan ang katangi-tanging na siyang lubusang magpapalawak sa ating pagkikilala, pag-unawa at kamalayan sa pangkat-etniko na ito. Sa pag-aaral na ito, mahalaga ang paggamit ng panloob na pananaw upang lubusang mailarawan at makikilala ang tunay na identidad ng mga Badjao at matunghayan ang konsepto ng *kalluman*.

2. Metodolohiya

Ang pag-aaral na ito ay isang kwalitabong pananaliksik na ginamitan ng deskriptibong-analitikal na paraan ng pagsusuri. **Purposive sampling** ang ginamit sa pagpili ng mga kalahok. Kabilang sa pag-aaral na ito ang mga grupong Badjao na sadyang pinili batay sa itinakdang set na kraytirya. Ang paraan ng paglilikom ng datos ay sa pamamagitan ng pakikipanayam at pangkatang talakayan sa mga katutubong nasa edad na 40-50 taong gulang at

naninirahan sa lugar ng pananaliksik. Upang malinaw na mailarawan ang identidad ng mga Badjao at ang kanilang konsepto ng *kalluman*, sinuri ng mananaliksik ang mga kultural na mga katawagan sa domeyn ng siklo ng buhay gamit ang perspektibong **emic**.

Ang lugar ng pag-aaral na ito ay ang barangay Maasin, Lungsod Zamboanga kung saan naninirahan ang mga katutubong Badjao. Ang barangay Maasin ay 13 kilometro mula sa sentro ng Lungsod Zamboanga. Makikita sa barangay na ito ang kabahayan (**stilt houses**) ng mga Badjao sa tabing-dagat na pinangalanang *Ayuda Badjao* (Ahon Badjao). Ang komunidad ng *Ayuda Badjao* ay binubuo ng isaangdaan at apat na pamilya (104) at tatlong daan apatnapu't isang (341) indibidwal.

Bago ang pangongolekta ng datos, humingi ng pahintulot ang mananaliksik sa tanggapan ng **National Commission on Indigenous People** sa Lungsod ng Zamboanga ayon sa batas ng IPRA 1997. Ginawaran ng **Certificate of Pre-condition** ang mananaliksik noong Nobyembre 2018 matapos na maisagawa ang hinihingi na pangangailangan ng **NCIP**.

3. Paglalahad ng mga Resulta

Ang paniniwala ng mga Badjao ay naglalarawan ng kanilang kaakuhan at identidad. Makikita sa talahanayan 1 ang mga kultural na katawagan at sa siklo ng buhay tulad ng pag-aasawa, panganganak, kamatayan at paglilibing at ang kahulugan ng mga ito.

Talahanayan 1

Mga Kultural na Katawagan sa Pag-aasawa

Kultural na Katawagan	Katumbas sa Filipino	Kahulugan
aglahi	nagtanan	Akto ng pagtatanan ng lalaki at babae. Itinatanan ng lalaki ang babae dahil walang sapat na halaga ang lalaki o ang magulang niya para sa ungsud.
agliyu-liyu	walang katumbas	Pagbisita at pananatili ng bagong kasal sa mga magulang at mga kamag-anak ng babae o ng lalake habang wala pa silang sariling bahay.
agmundaan dih sigam	Gusto nang magsarili	Pagsasarili ng bagong kasal at magtayo ng sariling bahay. Ito ay upang matutunan nila ang kanilang responsibilidad sa isa't isa na hindi nakadepende sa magulang.
agpahendah anangguh	pamamanhikan walang katumbas	Paghingi sa kamay ng babae o pamamanhikan. Ito ay palugid na ibinibigay sa lalaki kapag wala pa siyang perang iaalay sa magulang ng babaeng itinanan sa mismong gabi ng pagtatanan.
akalummuh	Magbigay kahihyan sa kanilang tribo	Bawal hawakan ng lalake ang isang babae hanggat hindi pa sila ikinakasal. Ito ay nagpapakita ng mataas na paggalang sa isang babae. Pinaniniwalaan nila ang kulturang bawal maghawak ng babaeng dalaga na, maliban na lamang kung kapatid o asawa.
ayu-an	multa	Ito ay dagdag na bayad sa magulang ng babae dahil sa kahihiyang dinulot ng pag-uwi ng babae sa bahay ng lalake. O kaya'y nahawakan o nayakap ng lalaki ang babae kahit hindi pa kasal, magsumbong ito sa magulang ng lalaki para matakpan ang kanyang kahihyan at magdedemanda ito na hindi siya uuwi sa kanila kung hindi siya pakakasalan ng lalaki.
bangsawan binatalankawin	kasuotang pangkasal seremonya ng kasal	Tradisyunal na kasuotan pangkasal ng badjao na lalake at babae. Bahagi ng seremonya ng kasal na kung saan inilalagay ng lalake ang hinlalaki sa noo ng babae habang nakaupo sa unan. Paiikutin ng mga pandala ng tatlong beses ang babae at lalakeng ikinakasal nang sabay-sabay sa paniniwalang hindi sila maghihiwalay.
binusung	karma	Ito ang tawag kapag may masamang pangyayari o trahedya na nararanasan ang mag-asawa o ang isang pamilya dahil sa hindi pagsunod sa kinagisnang paniniwala ng mga ninuno
budjang	dalaga	Ang tawag sa dalagang Badjao. Ang unang regla ng babae ay hudyat na siya ay isa ng ganap na dalaga. Maaari na rin siyang ligawan at asawahin sa pagkakataong ito.
kawin batin	simpleng kasalan	Ito ang tawag sa tradisyunal na kasal. Simpleng pagdiriwang lamang ito.

kawin lami-lami	marangyang kasalan	Ito ang marangyang handaan ng pagpapakasal. May kasamang sayawan at tugtugan.
lendoman	panahon na madilim ang buwan	Siklo ng buwan na natakpan ng anino ng daigdig ang mukha nito kaya may kadiliman. Nangangahulugan ito ng kamatayan. Bawal magkaroon ng kasalan sa panahong ito sapagkat ang lendoman ay malas at hindi magbibigay ng liwanag sa mag-asawa.
mahal basingan	hatian ng ungsud	Ito ang paghahati-hati ng ungsud sa kamag-anak ng babae kahit gaano man kaliit ang halaga. Ito ay anyo ng <i>pagtawal</i> sa ikakasal upang hindi magkasakit ang mag-asawa o dili kaya'y mahihirapan sa panganganak ang babae.
maligay	walang katumbas	Ang tawag sa maliit na bahay na yari sa kahoy na nilalagyan ng pagkaing Badjao tulad ng panyam, jah at lokot-lokot at iba pa. Maaari ding ilagay ang mga pagkain sa isang malaking bandeha kung saan may dibuhong bahay na gawa sa kahoy ang nasa gitna. Iaayos ang mga pagkain sa gilid o palibot ng bandeha. Ihahandog ito sa magulang ng babae sa araw ng pamamanhikan.
pituwah	paniniwala	Hindi pa maaaring magsiping ang mag-asawa sa kanilang unang gabi ng kasal. Papayuhan muna sila sa mga bagay-bagay na kailangan nilang matutunan sa buhay mag-asawa at ipaliliwanag ang kani-kanilang tungkulin sa isa't isa.
pag-isunan	pinagkasunduang kasal	Ipinagkakasundo ng mga magulang ng lalake at babae ang kanilang mga anak. Walang alam ang kanilang mga anak sa kasunduang ito kahit magkakilala o hinde ang kanilang mga anak.
pahendah	pamamanhikan	Akto ng pag-aasawa, pangangasawa o pakikipag-asawa. Ang ungsud dito ay maaari pang tumaas sa tatlung libong piso (30,000) depende sa kung magkano ang hihilingin ng magulang ng babae.
panai-mah	pagbigay pahintulot	Pagtanggap ng lalakeng ikakasal sa kanyang mapapangasawa. Hudyat na magsisimula na ang ang seremonya ng kasal na pinangungunahan ng Imam.
pandala	abay	Alalay ng mga ikakasal. Sila ay mas bata pa sa mga ikakasal at wala pang asawa. Ang abay ng lalake ay dapat lalake rin at babae naman para sa babaeng ikakasal.
pasugsug	walang katumbas	Paglalagay ng lalake ng singsing sa daliri ng babae na bahagi ng seremonya ng kasal. Ang singsing na ito ay mula sa babae na iaalay niya sa lalake bilang tanda na pumapayag na siyang magpakasal dito sa pamamagitan ng <i>wakil</i> o pahintulot na ibibigay ng tatay ng babae.
pinaliyuh	walang katumbas	Pagkatapos ng isang linggong pagbisita sa pamilya ng babae babalik na ang bagong kasal sa bahay ng mga magulang ng lalaki. Hanggat wala pang anak ang mag-asawa ay maaari silang manatili sa bahay ng magulang ng lalaki o babae o kaninumang kamag-anak.
pinamaap	paghingi ng tawad	Paghingi ng tawad sa magulang at kamag-anak ng babae dahil sa pagtanan ng lalaki sa kanilang anak na babae.
pinoleh	inuwi	Pag-uwi ng babae sa bahay ng lalaking nagugustuhan o sa bahay ng panglima, kinikilalang lider ng kanilang tribo. Nangyayari ito kung ang babae ay humahawak ng kahihyan laban sa lalaki.
putikaan	Aklat ng Karunungan	Ang tawag sa sagradong aklat ng karunungan ng Badjao. Dito isinasangguni ng Imam ang mga bagay-bagay sa paggawa ng tinitik o paghuhula. Ang Imam o isang Badjao na nakakaalam at may likas na kasanayan sa pagbasa ng Putikaan.
sinarakkahan	walang katumbas	Pag-aalay ng bahagi ng ungsud sa isang yumao sa pamilya sa pamamagitan ng pag-aalay ng pagkain.
sinailan	walang katumbas	Ang paghingi ng pahintulot ng Imam at ng lalaking ikakasal sa mga magulang ng babae upang makapasok na sa silid ng babae at simulan na ang seremonya ng kasal. Ginagawa ang paghingi ng pahintulot sa paawit na paraan.
sinalam	walang katumbas	Isang orasyon na sinasambit ng lalaki bago ang pakikipagtalik sa kanyang asawa sa unang gabi nito. Ito ay paghingi ng pahintulot sa mga bahagi ng katawan ng isang babae.
sinambagan	Sagot na nagbibigay pahintulot	Ang tugon ng magulang ng babae na maaari ng pumasok sa kwarto ang Imam at ang lalake upang ikasal ang kanilang anak. Ang pagtugon ay ginagawa rin sa paawit na paraan.

Ang konsepto sa kalluman ng Badjao: Pagsilang hanggang pagkamatay

sinantik kawinbatin	walang katumbas	Unang bahagi sa isang tradisyunal na kasalan. May Dasal na kailangan banggitin ang lalaking ikakasal. Kailangan masagot niya ang tanong ng Imam habang magkadugtong ang hinlalaki ng ikakasal sa hinlalaki ng Imam na nakatakip ng panyo. upang makapasok sya sa kwarto ng babae kung saan magaganap ang seremonya ng kasal.
sinarahakan togol	walang katumbas	Sapilitang ipakakasal ng mga magulang ng lalake ang babaeng gusto niya kahit di siya gusto ng babae. Kahit ang mga magulang ng babae ay wala ding magagawa sapagkat kailangan nilang doblehin ang anumang ungsud na dala ng pamilya ng lalake.
sumbang	walang katumbas	Tumutukoy sa pakikipag-asawa ng magpinsan sa ama na mahigpit na ipinagbabawal sa tribong Badjao.
sinunnat	pagtuli	Pagtuli sa isang lalaking badjao na nasa hustong gulang na. Ito ay hudyat ng kanyang pagbibinata.
sokat	walang katumbas	Paghiling ng mga materyal na bagay ng mga kamag-anak ng babae sa mga magulang ng lalake tulad ng bigas, baka, isang dosenang plato at iba pa maliban pa sa ungsud sa araw ng pamamanhikan.
subul tampan maruh	binata multa sa pasabi	Ang tawag sa binatang Badjao. Ito ay ang paraan ng pakikipag-ayos sa pamilya ng babae kapag itinanan ng lalake ang babae na nagkakahalaga ng isanglibong piso (1,000).
tinindao	regla	Unang regla ng isang babaeng Badjao.
tiningkuwang	walang katumbas	Pagbisita ng bagong mag-asawa sa pamilya ng babae upang makihalubilo at makilala nang lubusan ang mga magulang at mga kamag-anak ng babae. Ginagawa ito sa ikatlong araw ng kasal.
tinitik	paghuhula sa kapalaran	Paghuhula sa mga bagay bago ang pagtatanan, pamamanhikan at pagpapakasal o anumang mga okasyon at gawain.
ungsud	walang katumbas	Ito ang regalo ng lalaki sa mga magulang ng babae. Ito ay nagkakahalaga ng dalawampu't limang libong piso (25,000.00) para sa mga nagtanan. Maaaring higit pa rito ang halagang ibibigay sa magulang ng babae.
wakil	pahintulot	Pinakamatandang kamag-anak ng babae na tatayong saksi sa mga ikakasal. Tanging ang ama ng babae ang makapagbigay ng wakil o pahintulot na pwede nang ikasal ang babae. Kung wala nang ama, ang panganay na anak na lalaki o kapatid ng ama na lalaki.

Talahanayan 2

Mga Kultural na Katawagan sa Panganganak

Kultural na Katawagan	Katumbas sa Filipino	Kahulugan
agbohelo	maglalaway	Epekto sa sanggol na nasa sinapupunan kapag hindi naibigay sa babaeng naglililihi ang nais niyang kainin.
agsumbaw	walang katumbas	Isang simpleng pagdiriwang para sa ina at sanggol sa ikatlong araw ng panganganak bilang pasasalamat sa biyaya at paghiling kay ombob upang maibalik ang lakas ng ina at proteksyon sa sanggol.
angentan buhat	paghihilot sa ikapitong buwan ng pagbubuntis	Ito ay isang uri ng seremonya na ginagawa ng hilot sa babaeng pitong buwan nang buntis. Ito ang hudyat na ang panday na iyon ang responsableng titingin sa buntis hanggang sa ito ay manganak.
angiram baw-balit binangan	walang katumbas walang katumbas	Ang tawag sa paglililihi ng babaeng Badjao. Pangalawang pagbubuntis ng babae hanggang sa kanyang bunsong anak.
kunit	walang katumbas	Isang selebrasyon o pagdiriwang pagkatapos na malinis ang bagong silang na sanggol. May pagbasa ng Quran upang iparinig sa sanggol ang kanyang relihiyon. Ito ay tanda ng pagyakap ng sanggol sa kanyang tribo at relihiyon.
lin magrib	pamahiin walang katumbas	Isang ritwal sa araw ng agsumbaw. Ito ay pagpahid ng dilaw na bigas sa pitong bahagi ng pandama sa bagong panganak. Isang anyo ng <i>pagtawal</i> sa bagong panganak at sanggol upang bumalik ang lakas ng ina at proteksyon ng sanggol sa masasamang elemento. Tumutukoy sa mga pamahiin sa pagbubuntis.
		Hindi pagsuot ng anumang uri ng damit maging panloob man ang isang buntis. Tapis lamang ang kanyang isusuot pagsapit ng ikalima ng hapon hanggang kinaumagahan. Hindi rin pwede ang pagsuot ng anumang bagay na palamuti sa katawan o anumang bagay na nakalawit sa leeg o taininga.

panday	manghihilot	Ang tawag sa manghihilot at kumadrona ng mga Badjao. Siya ang tumitingin sa mga babaeng Badjao mula sa kanilang pagbubuntis, panganganak at hanggang sa ika-apatnapu't apat na araw ng panganganak.
pagtawal	orasyon	Likas na paraan ng panggagamot ng maysakit, o pang-alis ng malas ng mga Badjao sa pamamagitan ng orasyon.
purut	binyag	Pagbibinyag sa sanggol. Hindi lahat ng mga badjao ang gumagawa ng purut sa kanilang sanggol dahil higit na mahalagang ritwal sa mga Badjao ang binangan, agsumbaw at kinunitan.
pituh angga-utah	pitong pandama	Tumutukoy sa pitong bahagi ng kasukasuan ng isang tao. Ang bawat bahagi na ito ay itinuturing na buhay(life) ng mga Badjao.
sampanglaha	walang katumbas	Ang tawag sa ritwal na ombob na ginagawa sa ikatlong buwan pagbubuntis bilang pagtanggap sa sanggol sa sinapupunan ng ina at sa tribo. Ang ritwal na ito ay ginagawa ng panday.
tamuni	inunan ng bata	Ang tawag inunan ng bata na kasamang lumabas ng sanggol sa panganganak ng ina. Pinapaliguan din ito ng panday katulad ng ginagawa sa isang patay. Ito ay binabalot sa itim o puting tela at inaalalayan ng dasal bago ilibing.
tingga	walang katumbas	Ito ay isang pulseras na gawa sa metal na tingga "lead". Kinakailangang may suot na tingga ang buntis bilang pangontra sa masasamang espiritu at elemento lalong lalo na sa aswang.
tinobbok	walang katumbas	Paglalagay ng hikaw sa babaeng sanggol pagsapit niya ng anim na buwan. Ito ay ginagawa ng panday na may kasamang dasal.
tinulkin	walang katumbas	Pag-alay ng dasal sa paglilibing ng paris ng bata. Ito ay ginagawa ng panday o kahit sinuman sa pamilya.
tiyandah ukab lawang langit	walang katumbas bukas ang langit	Ang tawag sa unang pagbubuntis ng isang badjao. Bukas ang langit mula sa pagbubuntis ng babae hanggang sa apatnapu't (44) araw pagkapanganak. Bukas ang langit na tanggapin ang babae anuman ang mangyari sa kanya sa panahong ito. Ang babaeng namatay sa panganganak ay mapupunta sa langit.

Talahanayan 3

Mga Kultural na Katawagan sa Kamatayan at Paglilibing

Kultural na Katawagan	Katumbas sa Filipino	Kahulugan
agjagah	lamay	Paglalamay ng mga tao at pag-aalay ng dasal sa bahay ng yumao sa unang gabi hanggang ikatlong gabi ng pagkamatay.
agreh	walang katumbas	Pagkuha ng yumao sa taong lubos na nagdadalamhati sa pagkamatay ng mahal sa buhay. Lubos ang paghihinagpis ng mahal sa buhay kaya ninanais na lamang ng yumao na kunin/sumama na ito sa kanya lalo na kapag ang taong nagdadalamhati ay di ginamot (<i>tinawalan</i>).
batang saging dulang	walang katumbas pagkain	Ang tawag sa pitong taong nagpapaligo sa patay. Ito ang pagkaing inihahanda sa ikapitong araw ng dasal. Ito ay inilalagay sa isang bandehado na naglalaman ng dilaw na kanin, panyalam, isda o anumang ulam, dilaw at berdeng saging at lokot-lokot.
dulang pagbutasan	walang katumbas	Pagkain inihahanda para sa pamilya at kamag-anak ng yumao. Inihihawalay ang pagkain ng pamilya sa patay sapagkat magkaiba na ang daigdig ng pamilya nito sa yumao.
dulang panarakkah	walang katumbas	Pagkaing inihahanda sa mga taong tumanggap ng mga gamit ng yumao. Maliban sa mga gamit at damit na ibinigay sa kanila kailangan din bigyan sila ng pagkain.
dulang panulsihan	walang katumbas	Pagkaing inihahanda para sa Imam at manghihilot. Ito ay inihahanda sa ikapitong gabi ng dasal. Bahagi ng dulang ito ang Panji.
dulang tamanjamo	walang katumbas	Pagkain inihahanda para sa mga nagdarasal sa bahay ng yumao na katulong ng Imam. May kasama din itong panji ngunit mas maliit ang halaga kaysa sa panji ng Imam.
hiyugan sulgah	walang katumbas	Tumutukoy sa magandang panahon sa araw ng libing. Ito ay nangangahulugan na ang taong namatay ay isang mabuting tao at handa siyang tanggapin ng lupa.
hubuan	walang katumbas	Pagpapalit ng damit ng mga taong nagpaligo sa bangkay. Isang anyo ng pagtawal upang hindi sumakit ang katawan ng mga nagpaligo sa patay at walang masamang mangyari sa kanila.
iadjian	walang katumbas	Pagbabasa ng bibliya o Koran na iniaalay sa Badjao na namatay na ginagawa ng Imam. Maari ding itong gawin ng isang Pakil, Bilal o Hatib.

Ang konsepto sa kalluman ng Badjao: Pagsilang hanggang pagkamatay

Imam	walang katumbas	Ang tawag sa lider ng relihiyong Islam at nangunguna sa pagdarasal at pagbabasa ng Koran.
jakat pitlah	walang katumbas	Ang tawag sa pag-aalay ng mga Badjao sa Imam upang ipagdasal sila kay Allah. Ang mga alay na ito ay kailangan ibahagi ng Imam sa iba lalong-lalo na sa mga mahihirap upang maging magaan ang biyayang babalik sa mga taong nag-alay nito.
jinagahan	walang katumbas	Isang paraan ng paglalamay sa bahay ng yumao gabi-gabi sa loob ng pitong (7) araw hanggang ika-apatnapung araw (40) ng kamatayan sa pamamagitan ng pagbabasa ng Koran.
kinunsi paliyagan	walang katumbas	Espesyal na dasal para sa yumao upang hindi mawala o makuha ang kanyang kaluluwa ng kapwa kaluluwa na hindi nasusian.
kubul latalan	sementeryo walang katumbas	Ang tawag sa sementeryo ng Badjao. Ang pagkain inihahanda/iniaalay sa yumao. Inilalagay ito sa bandehado kinagabihan pagkatapos ng libing hanggang sa ikapitong (7) gabi ng dasal o hanggang ika-apatnapung gabi ng dasal.
lindurandam	walang katumbas	Pag-iyak ng mga kamag-anak sa pagyao ng mahal sa buhay. Sa paniniwala ng Badjao hindi na pwedeng umiyak ang pamilya at kamag-anak kapag nagsimula na ang dasal sa patay.
lutaw	multo	Ang tawag sa patay na nangaluluwa kung saan naririnig lamang ang boses ng nangaluluwa.
mayat muhmin	bangkay	Ang tawag sa bangkay na nasa bahay pa ang yumao.
pagbangkay-bangkayan	bangkay	Ang tawag sa bangkay pagkaraan ng ilang araw ng pagkamatay ng yumao.
pagdilasan-lasa	walang katumbas walang katumbas	Pagsisilbi ng pagkain sa bahay ng yumao pagkatapos ng libing. Paghalik sa kamay at paa ng patay. Pamilya, mga Kamag-anak, kaibigan o kahit sinumang gustong gawin ang paghalik. Ginagawa ito pagkatapos ng paglilinis at pagpapaligo sa bangkay ng yumao bago ito banlawan.
pagkabimbang	pagdalamhati	Pagdadalamhati sa pagkamatay ng mahal sa buhay na maaaring kasintahan o asawa.
pagkallaan pangguwah	walang katumbas multo	Pagsisilbi ng pagkain sa mga taong nakikiramay sa bahay ng yumao. Ang tawag sa kaluluwa na nagpapakita sa mga taong may kakayahang makakita nito.
pakayan pali-pali amatay paliyangan panarakka	walang katumbas pamahiin puntod walang katumbas	Damit na bibihisan sa patay pagkatapos itong linisin at paliguan. Ito ay tumutukoy sa mga pamahiin sa patay ng mga Badjao. Ang tawag sa hukay kung saan ililibing ang patay. Ang mga damit at ibang gamit ng patay ay ibinibigay sa ibang tao na gustong tumanggap nito nang kusang loob. Ginagawa ito sa ikatlong araw ng pagkamatay.
panjih	walang katumbas	Ang tawag sa perang inilalagay sa ibabaw ng dulang na parang mga bandila. Bahagi ito ng dulang bilang insentibo sa Imam at manghihilot sa serbisyong ibinigay sa pamilyang namatayan.
panusihan	walang katumbas	Insentibo na ibinibigay sa Imam na maaaring ginto o kaya'y malaking halaga para sa paglilinis sa pribadong bahagi ng patay.
pinanyatah	walang katumbas	Ang tawag kapag masamang-masama ang panahon sa araw ng libing, pinaniniwalaan ng mga Badjao na ang namatay ay makasalanan at ayaw siyang tanggapin ng lupa.
pitlah	walang katumbas	Pag-aalay ng bigas, niyog, tubig, panggatong, pera sa Imam bilang simbolo ng pasasalamat sa mga biyayang natanggap sa panahon ng Hariraya.
pitlah patay	walang katumbas	Ang pamilya ng yumao ay nag-aalay ng tubig, ilaw at pagkain sa Imam sa ngalan ng yumao sa huling gabi ng puasa. Ginagawa sa loob ng tatlong taon.
sinussih	walang katumbas	Paglilinis sa pribadong bahagi ng katawan ng namatay. Pribado o eksklusibo itong ginagawa ng Imam para sa lalake at panday para sa babae.
tabang napas	walang katumbas	Isang paraan ng pagtawal sa taong malapit nang mamatay sa pamamagitan ng oral na ritwal. Ginagawa ito ng albolaryo upang hindi maramdaman ng taong malapit ng mamatay ang sakit ng huling hininga niya.
tahalil	walang katumbas	Ang tawag sa dasal na iniaalay pagkatapos paliguan at linisin ang bangkay. Ito ay ginagawa ng isang Imam.
tampil	araw ng mga patay	Pag-alala sa mga namatay sa araw ng mga patay. Karaniwan itong natatapat sa buwan ng Abril o Mayo o isang buwan bago ang ramadhan
tinantang lasa	walang katumbas	<i>Pagtawal</i> sa taong lubos na nagdadalamhati sa pagkamatay ng mahal sa buhay.
tinapus/hinang tapus	huling gabi ng pagdarasal sa patay	Huling gabi ng dasal para sa yumao sa ika-apatnapung (40) araw. Kung hindi pa handa ang pamilya sa araw na ito pwede rin itong gawin sa ikasandaang (100) araw ng kamatayan.

tinulkin	walang katumbas	Pagpapaligo at paglilinis sa buong katawan ng bangkay mula ulo hanggang talampakan.
tinulkin mapaliyangan tulkin	walang katumbas walang katumbas	Dasal na iniaalay pagkatapos na mailagay sa hukay ang patay. Dasal na iniaalay bago ilibing ang patay.
Bilal	walang katumbas	Ang mga katuwang ng Imam sa mga gawain sa masjid at pagdarasal sa komunidad.

Makikita sa talahanayan sa itaas ang mga kultural na katawagan sa domeyn ng siklo ng buhay na may kabuoang bilang na isandaan at pito (107). May apatnapu't dalawang (42) katawagan ang nakalap sa domeyn ng pag-aasawa, dalawampu (20) sa panganganak at apatnapu't lima (45) sa kamatayan at paglilibing. Mula sa mga datos na ito nailarawan ang identidad ng mga Badjao at nabuo ang konsepto ng *kalluman*.

4. Diskusyon

4.1 Konserbatibo ang mga Badjao

Malaki ang pagpapahalaga ng mga Badjao sa kanilang mga kababaihan lalong-lalo na kapag ito ay nasa estado na ng pagdadalaga. Para sa kanila ang pagdadalaga at pagbibinata ay isang sensitibong bagay na dapat iniingatan. Konserbatibo ang mga Badjao pagdating sa panliligaw at pag-aasawa. Mataas ang pagtingin nila sa kadalisan ng isang babae bago ito ikasal. Bawal hawakan ng lalaki ang isang babae hanggat hindi pa sila kasal. *Akalummuh* ang tawag dito. Kapag hindi naman ito nasunod, ito ay nagpapakita ng kabastusan o di paggalang ng lalaki sa babaeng nililigawan na tinatawag na *Asammal*. Isang kultura maituturing ang maagang pag-aasawa ng mga Badjao. Ang mga babae ay sa murang edad na labintatlo (13) ay maaari nang mag-asawa. *Budjang* ang tawag sa isang Badjao na nagdadalaga na. Ang unang regla nito na tinatawag na *Tinindao*. Hudyat na siya ay isa nang ganap na dalaga. Maaari na rin siyang ligawan sa pagkakataong ito at maaari na ring mag-asawa.

Kinikilala ng mga Badjao na ang kasal ay sagrado sa pag-aasawa. Tinatawag na *kawin* o *pagkawin*. Itinuturing sagradong ritwal sa isang babae at lalaki bago makabuo ng pamilya. Tinatawag na *kawin batin* ang simpleng kasalan. Ang mga magulang at ilang miyembro ng pamilya at Imam lamang ang kasalo sa seremonya ng kasal. Dahil hindi nito kaya ang marangyang seremonya. *Kawin lami-lami* naman ang tawag sa marangyang kasalan at handaan. Ito ay may kasamang sayawan at tugtugan. Malaki ang paniniwala nila na bawal ang magkaroon ng ibang asawa o kabit ang isang lalaki. Para sa kanila ito ay isang malaking kasalanan. Maging ang panloloko sa kapwa ay kasalanan din.

Ang proseso ng kasalan ng mga Badjao ay kakikitaan din ng pagiging konserbatibo ng kanilang pangkat. Magkahiwalay na isinasagawa ang seremonya ng kasal bago tuluyang magkita at magsama sa iisang seremonya ang ikakasal. Una ay ang tinatawag na *Sinantik kawin batin*. Sa bahaging ito mag-aalay ng dasal ang lalaking ikakasal sa gabay ng isang Imam. *Panayma* naman ang tawag sa pagtanggap ng lalaking ikakasal sa kanyang mapapangasawa, hudyat ito na magsisimula na ang dasal para sa kasal na pinangungunahan ng Imam. Pagkatapos nito ay hihingi ng pahintulot ang Imam at ng lalaking ikakasal sa mga magulang ng babae upang makapasok sa silid kung saan magaganap ang seremonya ng kasal. Ginagawa ang paghingi ng pahintulot sa paawit na paraan. Inaawit ng lalaki ang kanyang damdamin para sa babaeng pakakasalan na tinatawag na *Sinailan*. Tutugon naman ang magulang ng babae na kasama niya sa kwarto na makapasok sa kwarto ang Imam at ang lalaki at pakakasalan ang kanilang anak. Ang pagtugon ay ginagawa rin sa paraang paawit, ang tawag dito ay *Sinambagan*. Sa pagsisimula ng kasal, ilalagay ng lalaki ang hinlalaki sa noo ng babae habang nakaupo sa unan na tinatawag na *Binatalan Kawin*. Paiikutan ng mga pandala ng tatlong beses ang babae at lalaking magpakasal nang sabay-sabay sa paniniwalang hindi sila maghihiwalay. Ang tatlong beses na pag-ikot naman ay sumisimbolo sa tatlong siklo ng buhay mag-asawa. Una bago sila magka-anak, may mga anak na, sa kanilang katandaan na sila'y magsasama. *Pandala* ang tawag sa mga alalay ng ikakasal. Sila ay mga dalaga at binata na hindi pa kasal. Ang alalay ng lalaki ay lalaki at ang alalay ng babae ay babae.

Isa rin sa kakaibang paniniwala ng mga Badjao ay ang unang gabi ng mag-asawa. Sa ibang kultura, ang mag-asawa ay maaari nang magsiping sa kanilang unang gabi na tinatawag na pulot gata o **honeymoon** sa Ingles. Ngunit sa mga Badjao ang unang gabi ay inilalaan sa pagpapayo ng Imam at magulang sa mag-asawa tungkol sa mga bagay-bagay na kailangan nilang matutuhan tungkol sa buhay mag-asawa. Ipaliliwanag sa mag-asawa ang kani-kanilang mga tungkulin sa isa't isa bilang mag-asawa at magiging anak nito. Hindi pa sila maaaring magsiping sa unang gabi na tinawag na *Nikkah*. Ibang-iba naman ito sa kultura ng nakararami sapagkat pagkatapos lang ang unang araw ng kasal ay maaari nang magsiping at itinuturing nang mag-asawa ang babae at lalaki.

Isa rin sa kakaiba sa kulturang Badjao ay ang tinatawag na *Sinalam* na kung saan may binibigkas ang lalaki bago ang pakikipagtalik niya sa kanyang asawa. Ito ay anyo ng pagtawal bilang pagpapaalam bago gawin ang pagtatalik. Naniniwala ang mga Badjao na ang lahat ng bahagi ng katawan ay may sariling buhay na kailangan bigyan ng paggalang. Kailangan ding bago ang lahat ng mga gamit na gagamitin sa unang gabi ng mag-asawa tulad ng unan, banig at kumot sapagkat nagsisimula na sila ng bagong buhay.

Sinusih naman ang tawag sa paglilinis sa pribadong bahagi ng katawan ng bangkay. Pribado o eksklusibo itong ginagawa ng Imam para sa lalaki at panday para sa babae.

4.2 Pagtutulungan at Malapit na Pag-uugnayan ng mga Pamilya

Ang mga Badjao ay may malaking paniniwala sa kasal o pag-aasawa upang patuloy na mabuhay sa lipunan na kanilang ginagalawan. Naniniwala sila na ang kahahantungan ng isang tao ay ang pagkakaroon ng pamilya. Ipinaghahandang mabuti ang pagpapalano ng mga magulang ng lalaki kung sino ang mapapangasawa ng kanilang anak. Sa edad na labimpito hanggang labingwalo (17-18) at lalo pang bumata sa labintatlo hanggang labinlimang (13-15) taong gulang ay maaari nang mag-asawa ang kanilang anak. Ang pagkakaroon ng unang regla ng isang babae na tinatawag na *tinindao* ay isang hudyat na maaari na itong mag-asawa at ipagkasundo ng magulang na ipakasal ang kanilang anak. Sa mga kalalakihan naman, ang angkop na edad sa pagtuli ay labing-anim (16) na taong gulang. Ang pagtuli sa isang lalaking Badjao na nasa hustong gulang ay tinatawag na sinunnat. Ginagamit din ng mga Badjao ang terminong *pag-islam*. Ayon kay Navarro (2015), ang salitang pag-islam ay orihinal na nagmula sa tradisyon ng mga muslim ng pagtuli na ang literal na kahulugan ay '**to become a Muslim**'. Ngunit ang paraan ng pagtuli ng Badjao ay hindi mula sa tradisyong muslim sapagkat ang mga Badjao ay may natatanging sinaunang paraan ng pagtuli na walang kaugnayan sa Islam. Hindi isang suliranin kung ituring ang maagang pag-aasawa sapagkat bahagi ito ng kulturang Badjao. Naniniwala ang mga Badjao na ang kahahantungan ng isang tao ay ang pag-aasawa at pagkakaroon ng pamilya sa kahit anong edad man ito. Kung may pera nang nalikom ang mga magulang ng lalaki na kaya nang paasawahin ang anak ay paasawahin na ito hanggat may pera dahil hindi alam ng magulang kung kailan sya magkakaroon ng pera ulit o kikitain ang malaking halaga dahil sa uri ng kanilang pamumuhay. Hindi rin alam ng mga magulang kung hanggang kailan lang ang buhay nila kaya hangga't maaga ay nagagabayan na nila ang kanilang anak sa pagtataguyod ng pamilya. Ang mga babae naman na maagang nag-aasawa ay dahil kailangan nilang sumunod sa kanilang magulang kung sakaling may ipinagkasundo na itong ipakasal. Sa pag-aaral ni Pallesen (1972), karamihan sa mga lalaking Badjao ay nag-aasawa sa edad na 16 hanggang 19 samantala ang mga babae ay sa pagitan ng 14 -16 taong gulang. Tumutulong din ang mga magulang at ibang kamag-anak sa paghahanda sa kasalan at nagpapakasal pa rin sila sa mga taong tunay nilang sinisinta. Kung mayroon mang kasalang naganap dahil sa "parental" o kagustuhan lamang ng mga magulang, mangilan-ngilan na lamang ang ganitong pangyayari sa kultura ng mga Badjao (Pallesen, 1970, pp. 123-142). Karamihan pa rin sa kanila ay nagpapakasal sa kapwa nila Badjao bagama't may iilan din namang nakapangasawa ng ibang pangkat.

Mapapansin sa kanilang pamayanan ang pangkat-pangkat at magkakamag-anak. Karaniwan ang isang pamilya ay may anim hanggang walong anak. Tinatawag na kampong o lahasiya ang pamilyang Sama. Ang maraming miyembro ng pamilya ay nangangahulugan para sa kanila na maraming katuwang sa paghahanapbuhay. Sa katunayan, sa pag-aaral nina (Anies et.al.,2012) lahat ng miyembro ng pamilya ay may

kanya-kayang responsibilidad upang maitaguyod nila ang kanilang pamilya maliban sa pinakamaliit o batang miyembro ng pamilya. Tulong-tulong ang magkakamag-anak sa lahat ng gawain at responsibilidad sa loob at labas ng bahay upang matugunan ang pang-araw araw nilang pangangailangan tulad ng pagkain.

Malapit ang ugnayan ng mga Badjao sa kanilang pamilya. Ang isang pamilya ng Badjao ay sama-sama sa iisang bubong. Kapag nag-asawa ang kanilang mga anak maaari itong manatili sa pamilya ng babae o lalaki hanggat wala pa silang kakayahang magpatayo ng sariling bahay. Minsan naman ay hinahati nila ang kanilang bahay sa pamamagitan ng dibisyon para sa pagsasarili ng kanilang mga anak na nag-asawa. Pagkatapos ng ikatlong araw ng kasal, ang mag-asawa ay mananatili ng tig-iisang linggo sa pamilya ng babae at lalaki upang makihalubilo at makilala nang lubusan ng mga magulang at mga kamag-anak ang kanilang manugang. Papayuhan ang mag-asawa ng kanilang tungkulin bilang asawa at bana. isasagawa ng bagong kasal ang *tininkuwang*. Ang mag-asawa ay mananatili muna sa pamilya ng babae upang makihalubilo sa mga magulang at mga kamag-anak ng babae. Papayuhan sila ng kanilang tungkulin bilang mag-asawa. Pagkaraan ng isang linggo babalik na ang mag-asawa sa magulang naman ng lalaki. Tinatawag itong *pinaliyu*. Hangga't wala pa silang sariling bahay maaari silang manatili sa bahay ng magulang ng lalaki o babae o kaninumang kamag-anak na tinatawag na *agliyu-liyu*. Kung tutuusin kinakailangang magtayo ng sariling bahay ang bagong kasal at magsarili. Tinatawag itong agmundaam di sigam. Gagawin ito upang matutuhan ng mag-asawa ang kani-kanilang tungkulin at hindi nakadepende sa magulang.

Dahil sa nasa murang edad pa ang mag-asawa, hindi muna ito hihiwalay sa kanilang mga magulang. Mananatili sila sa bahay ng kanilang mga magulang upang sila ay magabayan sa kanilang paghahanapbuhay at pagbubuo ng pamilya. Maaari itong umabot ng taon o hangga't wala pa silang anak. Ngunit kung nakikita ng mga magulang na kaya na nilang itaguyod ang sariling pamilya ay ipabubukod na ito. Minsan naman ay nilalagyan nila ng dibisyon ang kanilang bahay kung hindi rin kayang magpatayo ng sariling bahay ang kanilang anak. Gayunpaman, kahit nagsasarili na ang kanilang mga anak ginagabayan pa rin sila ng kanilang mga magulang. Kung may mga pagkakataon na hindi maibigay ng lalaki ang pangangailangan ng kanyang pamilya tutulungan pa rin sila ng kanilang mga magulang. Paniniwala ng mga Badjao na kung ano ang ikinabubuhay ng mga magulang ay mamanahin ito ng kanyang anak. Mamanahin ng anak ang paraan ng ikinabubuhay ng kanyang mga magulang sa pagtataguyod ng sariling pamilya at iyon ay ang pangangailangan. Sa katunayan, ayon sa kanila kahit nakapagtapos ng pag-aaral ng **Marine Technology** ang isang Badjao na lalaki sa kanilang komunidad, hindi pa rin niya maiwan ang hanapbuhay na kinagisnan ng kanyang pamilya. Pinili pa rin niya ang mangisda sa halip na maghanap ng ibang trabaho angkop sa kursong natapos.

Makikita rin sa mga Badjao ang pagiging matulungin sa kanilang kapwa at kamag-anak. Ang pagbibigayan ng anumang tulong o bagay na mayroon ang isang Badjao sa kapwa nilang Badjao at kamag-anak ay isang paraan upang sila ay mabuhay. Naniniwala sila na kahit gaanuman kahirap ang buhay kailangan din marunong magbigay sa kapwa nang sa ganoon kung dumating man ang oras na sila ay mangailangan ay may tutulong din sa kanila. Katulad ng paniniwala nila sa mahal *basingan* – ito ang paghahati-hati ng *ungsud* sa kamag-anak ng babae kahit gaano man kaliit ang halaga. Ang pagbabahagi ng ungsud sa mga kamag-anak ng babae ay isang paraan nila ng *pagtawal* upang hindi magkasakit o mapahamak ang bagong kasal o dili kaya'y mahirapan sa panganganak ang babae.

Ang pamilya ang pinakapundasyon ng ekonomiya ng mga Badjao. Lahat ng mga miyembro ng pamilya ay nagtutulong-tulong sa paghahanapbuhay at sa mga gawaing-bahay. Kadalasan, ang kababaihan ang nagluluto, naglalaba at nag-aalaga ng mga anak samantala, ang kalalakihan naman ang inaasahan sa paghahanap ng makakain ng pamilya. Ngunit kapansin-pansin na rin sa panahong ito na ang mga babae ay tumutulong na rin sa paghahanapbuhay gaya ng pagtitinda ng mga damit at mga kakanin.

4.3 Mataas ang Paggalang sa mga Magulang, sa mga Nakatatanda sa Komunidad at sa mga Ninuno

Malaki ang papel na ginagampanan ng mga magulang sa pagpili ng magiging asawa ng kanilang anak.

Magulang ng lalaki ang pumipili sa babaeng nais nilang mapangasawa ng kanilang anak na lalaki. Mahalaga sa mga Badjao na tanggap ng pamilya ng babae ang kanilang anak bilang bahagi ng pamilya. Tinatawag na *pag-isunan* ang pagkakasundo ng mga magulang ng lalaki at babae ang kanilang mga anak. Walang alam ang kanilang mga anak sa kasunduan at hindi rin magkakilala ang mga anak nila. Mamamanhikan sa tahanan ng mga magulang ng babae ang pamilya ng lalaki. Tinatawag itong *agpahenda*. Sa pamamagitan ng isang tagapamagitan sasabihin nila ang kanilang pakay. Pagkatapos nito, pag-uusapan na ang tungkol sa *ungsud*. Ito ang hudyat ng pagsang-ayon sa mga bagay na kakailanganin para sa paghahanda sa gagawing kasalan. Ang *ungsud* ay handog sa mga magulang ng babae sa lahat ng sakripisyo nila sa kanilang anak mula sa pagsilang nito, sa pag-aalaga at pagpapalaki hanggang sa ito'y magkapamilya. Hinihingi ang ungsud dahil hindi na mapagsisilbihan ng babaeng anak ang kanyang mga magulang.

May mga pagkakataon na hindi kaya o walang sapat na halaga ang lalaki o ng mga magulang niya para ibigay ang *ungsud* at nagustuhan naman ng lalaki ang babae, ipinapatanan(*aglahi*)ng mga magulang ng lalaki ang babae. Minsan naman hindi alam ng mga magulang ang pagtatanan ng anak na lalaki at babaeng kanyang naiibigan. Pagkatapos ng pagtatanan, kinakailangan ng lalaki kasama ang mga magulang niya at ang Imam ang pakikipag-ayos sa mga magulang ng babae. Kinakailangang gawing ang pakikipag-ayos sa araw mismo ng pagtatanan. Maaaring sa araw o sa gabi gagawin ang pakikipag-ayos na hindi palalampasin ng isang araw. Gagawin ng lalaki at ng magulang niya ang *Pinamaab*. Ito ang paghingi nila ng tawad sa mga magulang at kamag-anak ng babae at upang magkaroon ng basbas ng magulang ng babae sa pagpapakasal ng dalawa. Ang pagtatanan ng babae sa lalaki ay isa ring kahihyan sa pamilya kaya kailangan magbayad ng isang libong piso (1,000) ang lalaki sa mga magulang ng babae na tinatawag na *Tampan maru*. Ito ay gagawin mismo sa araw o gabi pagkatapos ng pagtatanan. Kinakailangan hindi palalampasin o abutan ng isang araw ang kanyang pakikipag-ayos. Kung wala itong dalang sapat na pera para sa *tampan maru*. Bibigyan siya ng mga magulang ng babae ng palugid upang ibigay ang pera na tinatawag na *anangguh*. Mag-iwan siya ng anumang mahalagang bagay sa mga magulang ng babae katulad ng ginto o kupya. Babalikan niya ang mga ito at isasauli ito sa kanya kapag may dala na siyang *tampan maru*. Ang paghingi ng tawad sa mga magulang ng babae ay isang kilos ng paggalang sa magulang ng babaeng na siyang nag-alaga at nagpalaki dito. Kailangan itong gawin upang maging maayos, at magaan ang magiging buhay ng kanilang mga anak sa pagbuo ng pamilya.

Sa kasalang magaganap, kinikilala ng mga Badjao ang pinakamatandang kamag-anak. Ang pinakamatandang kamag-anak ng babae ang tatayong saksi sa mga ikakasal na tinatawag na *wakil*. Tungkulin niyang ialay ang babaeng ikakasal sa lalaki sa pamamagitan ng singsing na ibibigay niya sa lalaki upang ihandog sa babae. Ipasusuot naman ito ng lalaki sa babaeng pakakasalan bilang simbolo ng kanyang pagmamahal na tinatawag na *pasugsug*. Ayon kay Han (1996), lubos ang paghanga at paggalang ng mga Badjao sa mga nakatatanda sapagkat sila ay nagtataglay ng mataas na karunungan sa kultura at paniniwala ng kanilang komunidad.

Bilang parangal at paggalang sa yumao, ginagawa ng mga Badjao ang *pagdilasan lasa*. Ito ay paghalik sa kamay at paa ng yumao pagkatapos ng pagpapaligo sa bangkay. Ito din ang huling pagkakataon na maramdaman ng patay ang init ng isang tao at pagmamahal sa kanya ng pamilya.

Ang pamilya ang pinakapundasyon ng ekonomiya ng mga Badjao. Lahat ng mga miyembro ng pamilya ay nagtutulong-tulong sa paghahanapbuhay at sa mga gawaing-bahay. Kadalasan, ang kababaihan ang nagluluto, naglalaba at nag-aalaga ng mga anak samantala, ang kalalakhian naman ang inaasahan sa paghahanap ng makakain ng pamilya. Ngunit kapansin-pansin na rin sa panahong ito na ang mga babae ay tumutulong na rin sa paghahanapbuhay gaya ng pagtitinda ng mga damit at mga kakanin.

4.4 Pananalig sa mga Espiritu at ang Kahalagahan ng Pakikipag-ugnayan sa mga ito

Ang mga Badjao ay may matinding pananalig sa mga espiritu at mahalaga sa kanila ang pakikipag-ugnayan dito. Sa pag-aaral ni Stacey (2007), binanggit niya na ang mga Badjao ay naniniwala sa iba't ibang espiritu(jin).

Ito ay maaaring nasa iba't ibang anyo, lugar, o kaya'y naninirahan sa mga bagay sa kalikasan at maaaring nakikita o hindi nakikita. Ang pakikipag-ugnayan sa kanila ay sa pamamagitan ng isang ritwal o dasal na karaniwang ginagawa ng isang albularyo(magtatawal). Isa sa mga patunay dito ay ang *sinalam*. Bago ang pagtatalik ng bagong kasal sa unang gabi nila ay kailangan munang bumigkas ng orasyon ang lalaki na tinatawag na *salam*. May sinasambit na orasyon ang lalaki upang humingi ng pahintulot sa mga bahagi ng katawan ng babae pati ang gamit na gagamitin nila. Naniniwala sila na ang bawat bahagi ng katawan ng tao ay may sariling buhay at kaluluwa na kailangan igalang. Ginagawa rin ito upang magkaroon ng maraming anak, o kaya'y upang hindi madaling tumanda ang babae.

Ang mga Badjao ay may likas na pamamaraan ng paggagamot (*pagtawal*). Naniniwala sila na maaaring makipag-ugnayan sa espiritu ng isang tao buhay man o patay sa pamamagitan ng orasyon at ritwal. Tinitiyak ng mga Badjao na ang huling paghinga ng tao sa mundo ay magiging matiwasay at magaan ang pagbabalik niya sa Maylikha. Naniniwala sila na kailangan gawin ang *pagtawal* sa taong naghihingalo upang hindi niya maramdaman ang sakit ng paglagot ng kanyang huling hininga. Ginagawa rin ang *pagtawal* sa taong namatay na. Tinatawag itong *tinabang napas*. Ito ay paraan ng *pagtawal* sa taong malapit ng mamatay sa pamamagitan ng oral na ritwal. Ginagawa ito ng albularyo upang hindi maramdaman ng taong malapit ng mamatay ang sakit ng huling hininga niya. Ang *pagtawal* ay sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa kaluluwa sa katawan ng tao upang hindi agad-agad na lumabas sa katawan. Naniniwala ang mga Badjao na lumalabas ang kaluluwa ng tao sa katawan kapag naghihingalo na ito o kung patay na ang tao. Habang nasa katawan pa ng tao ang kaluluwa kinakausap ito upang manatili muna sa katawan nang sa gayon hindi manigas ang katawan ng patay at hindi magiging mabigat sa paglilinis at pagpapaligo sa kanya.

May dalawang paraan ng orasyon. Ang unang orasyon ay habang naghihingalo ang tao ito ay upang hindi biglaang iwanan ng kaluluwa ang katawan ng tao. Sa pamamagitan ng orasyon na ito ay malalaman kung ang taong naghihingalo ay may hinihintay pa na mahal sa buhay o kaya'y may nais pa siyang gawin o sabihin para sa mga mahal niya sa buhay. Ang pangalawang orasyon naman ay kung patay na ang tao. Ang orasyon na ginagawa dito ay pagpaparinig sa kanya ng kanyang naging buhay sa pagpapanganak sa kanya na kusa siyang lumabas sa kanyang nanay na malambot. Ginagawa ito upang hindi rin tumigas ang katawan ng patay sa paglilibing sa katawan.

Natatangi din sa kulturang Badjao ang paraan ng paglilinis at pagpapaligo nila sa bangkay (*mayat*). *Batang saging* ang tawag sa pitong taong nagpapaligo sa patay. Kailangang pitong tao ang magpaligo sa patay na kumakatawan sa pitong bahagi ng kasukasuan ng tao na tinatawag na *pitu angga-utah* (pitong pandama). Sa mga Badjao, napakahalaga ang bilang na pito. Sa literaturang pananaw (C. Holman & Harmon,1992 A Handbook to Literature), ito ay nangangahulugan ng pagiging ganap o kumpleto na ang anumang gawain. Maiuugnay ito sa mga sumusnod na kaisipan gaya ng: **“God created the world in seven days”, “There are seven days in a week”, “There are seven sacraments”,** at iba pa na maiuugnay ang bilang na pito sa **completeness**. Sila ay nakaupo nang harapan at ang kanilang mga paa ay salitan ang posisyon at dito ikakanlong at ihihiga ang bangkay habang pinaliliguan. Hindi pwedeng ihiga ang patay sa sahig. Pagkatapos na malinisan at mapaliguan ang bangkay kailangan magpalit ng damit ang mga taong nagpaligo sa bangkay na tinatawag na *Hubuan*. Ang mga damit ay ibinibigay ng may-ari o kamag-anak ng patay. Ito ay paraan din ng paggagamot upang hindi sumakit ang katawan ng mga nagpaligo sa patay at wala masamang mangyari sa kanila.

Naniniwala rin ang mga Badjao sa kabilang buhay. Hindi makatawid sa kabilang buhay ang yumao kapag patuloy na umiyyak ang mga magulang o kamag-anak nito. Tinatawag na *linduramdandam* ang pag-iyak ng mga kamag-anak sa pagyao ng kanilang mahal sa buhay. Sa kanilang paniniwala, hindi dapat umiyak ang mga kamag-anak kapag nagsimula na ang dasal para sa patay. Para sa mga Badjao, ang pag-iyak ay magbibigay ng alalahanin sa yumao para sa kanyang mga mahal sa buhay. Ito ang pumipigil sa kanya upang tumuloy sa kabilang buhay. Ang luha din ay nangangahulugang malulunod ang yumao at hindi makararating sa kanyang paroroonan. Kapag hindi napapawi ang pagdadalamhati ng isang tao sa pagkamatay ng mahal sa buhay, ginagawa ang *tinantang lasa*. Ito ay isang ritwal ng paggagamot (*pagtawal*) na ginagawa ng isang Imam. Ang

taong lubos at di-napapawi ang pagdadalamhati sa pagkamatay ng mahal sa buhay ay pinaliliguan o dili kaya ay pinaiinom ng tubig na dinasalan ng Imam. Ginagawa ito sa loob ng pitong araw ng pagkamatay ng yumao. Kung hindi gagawin ang tinantang lasa, maaaring mamatay ito dahil kukunin siya ng yumao. Tinatawag na *agreh* ang pagkuha ng yumao sa kanyang mahal sa buhay na lubos ang pagdalamhati sa kanyang pagkamatay ng mahal sa buhay. Ayaw makita ng yumao ang lubos na paghihinagpis ng mahal sa buhay kaya minabuti na lamang niya na kunin o sumama sa kanya sa kabilang buhay ang taong naghihinagpis. Upang hindi ito mangyari, kailangan gawin ang *tinantang lasa*.

Ang kanilang mga yumao ay nagiging bahagi pa rin ng pagdiriwang bilang pag-alala sa kanila. Ito ay nagpapakita na hindi nila nakakalimutan ang mga mahal nila sa buhay na namatay na sapagkat naniniwala sila na kahit patay na ang katawan ng isang tao buhay pa rin ang kaluluwa nito. Sa pagdiriwang ng *Hariraya* ng mga Badjao, inaalala pa rin nila ang kanilang mahal sa buhay na yumao na sa pamamagitan ng pagbili dito ng bagong damit o kaya'y gamit na ibibigay sa ibang tao na tinatawag na *panadakka*. Sa huling gabi naman ng *Hariraya Puasa* ang pamilya ng yumao ay kailangan mag-alay ng *pitla* tulad ng tubig, ilaw, pagkain at iba pa sa Imam sa ngalan ng yumao na tinatawag na *pitla patay*. Ito ay upang magsilbing baon ng yumao sa kabilang buhay. Ginagawa ito sa loob ng tatlong taon ng pagkamatay. Nag-aalay din sila ng pagkain para sa isang malapit na kaibigan o kamag-anak na pumanaw na. *Sarakka* ang tawag dito. Ginagawa ito tuwing araw ng mga patay na tinatawag na *tampil* o *Tahiti*. Naghahanda rin ng mga pagkain at iba pa kapag kailangan gamitin sa pag-orasyon. Sa pamamagitan nito naipararating ng mga kaibigan at kamag-anak na inaalala pa rin sila kahit sila ay nasa kabilang buhay na. Ang pag-aalay ng pagkain ay idadaan sa isang kaibigan o kung sinuman ang nais mong kumain ng pagkaing iniaalay mo sa yumao. *Sinadakkahan* ang tawag sa taong bibigyan o aalayan ng pagkain sa ngalan ng yumao. Ginagawa rin ito kung naalala mo ang yumao o maaaring nagpakita sa panaginip. Naniniwala ang mga Badjao na sa pamamagitan nito ay magkakaroon ng ilaw, baon at gamit na gagamitin ng yumao sa pagtawid niya sa kabilang buhay na idinadaan sa pamamagitan ng ibang tao. Mula sa pag-aaral ni Bottignolo (w.t.) naniniwala ang mga Badjao na ang buhay pagkatapos ng kamatayan ay isang pagpapatuloy lamang ng buhay. Ang kamatayan ay hindi pagtanggap ng buhay kundi isang transpormasyon mula sa mundo ng mga taong buhay patungo sa mundo ng hindi nakikita at ito ay ang mundo ng mga ispiritu na magiging bahagi na ng mundo ng mga ninuno. Naniniwala din ang mga Badjao na ang mga yumao ay patuloy pa ring namumuhay kasama ang mga buhay. Para sa kanila namatay man ang katawang-lupa ng isang tao ay patuloy pa rin itong nabubuhay na bahagi ng isang pamilya, kasama ng kanilang mga ninuno, mga espiritu at mga buhay.

Kakaiba rin ang paniniwala ng mga Badjao na kailangang masusian ang patay. Ito ay hindi literal na paggamit ng **padlock** at susi kundi may espesyal na uri ng dasal para sa yumao upang hindi mawala o makuha ang kanyang kaluluwa ng kapwa kaluluwa na hindi nasusian. Ang *kinunsi* ay isang paraan din ng *pagtawal* sa kaluluwa ng yumao. Kailangan siyang susian upang hindi makuha ng ibang kaluluwa ang kanyang kaluluwa. Naniniwala ang mga Badjao na may mga kaluluwang gala o masasamang espiritu na maaaring kumuha sa kaluluwa ng namatay. Ang mga kaluluwang gala ay mga espiritu na nananatili sa lupa dahil hindi pa sila nakakatuloy o nakatatawid sa kabilang buhay. Ang iba naman ay hindi kontento sa kanilang pagkamatay.

4.5 Mahigpit na Pagsunod sa mga Kinagisnang Paniniwala ng mga Ninuno

Matindi ang paniniwala ng mga Badjao sa mga sinaunang tradisyon at paniniwala ng kanilang mga ninuno na tinatawag nilang *boa kamatoahan*. Ang pagsunod sa mga sinaunang tradisyon na ito ay mahigpit na ginagawa ng mga Badjao sa lahat ng kanilang gawain tulad na lamang sa pagpapakasal at pag-aasawa. Bago pa man ikasal ang isang babae at lalaki, ginagawa muna ng mga Badjao ang *tinitik*. Ito ay paghuhula sa mga bagay-bagay bago maganap ang pagpapakasal at pag-aasawa o anumang gawain. Bago ikasal ang isang lalaki at babae isinasangguni muna sa isang Imam ang petsa at araw ng kasal. Tinitingnan din kung magkabagang (**compatible**) ang pangalan ng mga ikakasal. Inaalang din kung anong araw at petsa na magandang gawin ang kasalan. Ang lahat ng ito ay isinasangguni ng Imam sa sagradong libro ng mga Badjao na tinatawag na *putikaan*. Pinaniniwalaan ng mga Badjao na may panahon na di dapat ganapin ang isang kasalan. Ito ang panahon na kung saan walang buwan. *Lendoman* ang tawag dito na sa paniniwala ng mga Badjao ito ay nangangahulugan ng

kamatayan. Ang *lendoman* ay malas para sa kanila sapagkat hindi ito magbibigay ng liwanag sa buhay ng mag-asawa. Ang *mahal basingan* naman ay kailangang gawin sa paniniwala na magkakasakit ang mag-asawa o dili kaya'y mahihirapan sa panganganak ang babae kapag hindi binigyan ng bahagi ng *ungsud* ang mga kamag-anak ng babae. Hindi rin maaaring humingi ng sobra sa itinakdang halaga ng *ungsud* sapagkat maaari itong magdala ng kamalasan sa mag-asawa. Tinatawag naman *Binusung* ang mga masasamang pangyayari o trahedyang mararanasan ng mag-asawa dahil sa sobra-sobra ang hinihiling na *ungsud* at hindi ipinaghati-hati sa mga kamag-anak ng babae ang *ungsud* o kaya'y di sumunod sa mga sinaunang tradisyon o *boa kamatoohan* ng mga Badjao.

Ang *tinitik* ay bahagi na ng iba't ibang gawain ng mga Badjao at mahahalagang okasyon sa buhay tulad ng pag-aasawa, pagtatanan, pagpapagawa ng bangka, paglipat ng bahay, ang pagsasagawa ng sinnunat at marami pang iba. Ang araw at oras ng pagdaraos ng isang gawain at okasyon ay kailangan titikan upang matiyak na ang araw at petsa kung kailan gaganapin ang isang okasyon ay maganda at swerte. Ibig sabihin ang araw at petsa na ito ay mabuti para sa isasagawang kasalan o anumang gawain at walang masamang pangyayari ang mararanasan ng bagong kasal. Iniwasan nilang ito ay matapat sa panahon ng *lendoman*. Ibig sabihin ito ang araw o panahon na walang buwan na itinuturing ng mga Badjao na malas, madilim, at negatibo.

Ang pag-aalay ng *maligay* sa babaeng pakakasalan ay isa ring paniniwala na mahigpit na sinusunod ng mga Badjao. Ito ay dibuhong bahay na gawa sa kahoy na pinalilibutan ng pagkain Badjao tulad ng *panyalam* o *panyam*, *lokot-lokot* at *jaa*. Nakalagay sa paligid o gilid ng pagkain mga patpat na may pera. Kung minsan ang *maligay* ay inilalagay ang mga nasabing pagkain sa isang malaking bandeha na may dibuhong bahay na gawa sa kahoy sa gitna at napapalibutan din ng mga patpat na may pera. Ang *maligay* ay iniaalay ng lalaki sa babaeng pakakasalan sa araw ng pamamanhikan na simbolo ng pagkakaisa sa loob ng bahay. Ito ay simbolo ng pangako ng lalaki na bibigyan ng tahanan ang kanyang asawa at pamilyang bubuun. At bilang lalaki na siyang nagtataguyod sa pamilya ng pagkain upang mabuhay. Ang mga pagkain na matamis sa loob ng bahay ay sumasagisag sa tamis ng relasyon ng mag-asawa. Hindi maaaring maglagay ng ibang pagkain kundi mga pagkaing matatamis lamang tulad ng *panyalam*, *lokot-lokot*, saging, tinapay at iba pa.

Ang *ungsud* ay handog sa mga magulang sa lahat ng sakripisyo nila sa kanilang anak mula sa pagsilang nito, sa pag-aalaga at pagpapalaki hanggang sa ito'y magkapamilya. Hinihingi ang *ungsud* dahil hindi na niya mapagsisilbihan ang kanyang mga magulang. Ang iba pang bagay na hinihingi sa lalaking pakakasalan ay ginto, baka, manok, isda, sakong bigas, sakong asukal, sakong arina, lata ng mantika mga inumin at iba pa. Hindi pare-pareho ang halaga ng *ungsud*. Ito ay naaayon sa antas sa lipunan o natamong edukasyon ng babae. Maliban sa *ungsud* na kailangang ihandog sa mga magulang ng babaeng pakakasalan, inihahanda din ang tinatawag na *sokat*. Ito ay paghiling ng mga materyal na bagay ng malapit na kamag-anak ng babae sa mga magulang ng lalaki tulad ng bigas, baka, isang dosenang plato at iba pa. Ang *ungsud* ay pinaghahati-hati sa mga kamag-anak ng babae kahit gaanuman kalaki o kaliit ang halaga. Tinatawag itong *mahal basingan*. Kailangan gawin ito dahil kung hindi gagawin maaaring magkasakit ang mag-asawa o dili kaya'y mahihirapan sa panganganak ang babae. Kapag sobra-sobra naman ang hininging *ungsud* ng mga magulang ng babae, may masamang mangyayari sa mag-asawa o may trahedyang silang mararanasan. Tinatawag itong *binusung*. Ito rin ang mangyayari sa mag-asawa kapag hindi nila sinunod ang *mahal basingan*.

Ang paghahandog ng *ungsud*, *maligay*, at *sokat* ay hindi nangangahulugang gagamitin ito para sa kabuhayan o ikabubuhay ng pamilya o kamag-anak ng babae. Ito ay isinasagawa bilang pagsunod sa tradisyon ng mga Badjao. Ang hindi pagsunod sa mga ito ay magdudulot ng di kanais-nais na pangyayari sa mag-asawa tulad ng pagkakasakit at di magandang takbo ng kabuhayan. Ang paghiling ng mga bagay-bagay bilang bahagi ng *sokat* at pagbabahagi ng *ungsud* sa kamag-anak ng babae ay isang anyo ng *pagtawal* para sa kanila upang walang masamang mangyayari sa mag-asawa at maging magaan ang kanilang buhay mag-asawa. Hindi rin pwedeng humingi ng *sokat* at ng *ungsud* nang sobra-sobra sapagkat ito ay nakasasama rin.

Marami ring mga paniniwala at kaugalian ang Badjao tungkol sa pagbubuntis mula sa paglililihi hanggang sa

panganganak nito. *Liin* ang tawag dito. Sinusunod ang mga pamahiing ito upang matiyak na ang ina mula sa paglililihi hanggang sa ito'y makapanganak ay ligtas sa kapahamakan ganoon din sa mga masasamang espiritu. Tinatawag na *angiram* ang paglililihi ng babaeng Badjao. Maging sa pagkain ng naglililihi ay maingat din ang mga Badjao. Naniniwala sila na kailangan ibigay sa naglililihi ang anumang pagkaing ninanais nitong kainin. Naniniwala sila na lahat ng kinakain ng ina ay dumadaan sa dugo ng ina na siyang nagiging pagkain ng sanggol. Kapag hindi ito naibigay mangyayari ang *agbohelo*. Ito ang magiging epekto sa sanggol na nasa sinapupunan ng ina. Maaaring hindi normal ang paglaki ng sanggol tulad ng pagiging bulol sa pagsasalita o kaya'y ang labis na paglalaway nito.

Kapag buntis na ang babae, hindi siya nagsusuot ng anumang damit maliban sa tapis lamang. Hindi rin siya nagsusuot ng anumang panloob na damit o magusot ng anumang bagay na nakalawit sa katawan tulad kwintas o hikaw. Tinatawag itong *magrib*. Tapis lamang ang isinusuot ng buntis mula sa ikalima ng hapon hanggang kinaumagahan. Ginagawa ito sa paniniwala nilang hindi palilibutan ng **umbilical cord** (*sambon*) ang sanggol sa sinapupunan ng ina at hindi siya mahihirapan dahil magiging maluwag ang galaw ng sanggol sa kanyang sinapupunan. Maging sa panganganak ng ina hindi siya mahihirapan dahil madaling labas ang sanggol. Tinitiyak nila na magiging ligtas ang buhay na nasa sinapupunan kaya hindi rin pwedeng tumawid sa **nylon** o lubid o kaya'y magtali ang isang buntis sapagkat para sa kanila ang tali ay sumasagisag sa "**umbilical cord**" (*sambon*) na maaaring pupuluput sa katawan ng sanggol.

Hindi rin lingid sa ating kaalaman na may iba't ibang pangontra ginagamit sa aswang o masasamang elemento lalong-lalo na kapag may buntis sa bahay. Naniniwala ang mga Badjao na matamis sa aswang ang dugo ng isang buntis. Sa kulturang Badjao ang **Tingga** ay pangontra sa aswang, demonyo, o masasamang espiritu. Kapag may suot na tingga ang buntis kusang lalayo o aalis ito sapagkat maaaring matunaw ang isang aswang o demonyo. Ang tingga kapag inilalagay sa init ay natutunaw at kapag ipasama sa patay nagiging mabigat ito. Ito ay isang pulseras na yari sa tingga (**lead**). Ang bana ang gumagawa sa nasabing pulseras. Isinusuot ito para sa kaligtasan ng sanggol sa sinapupunan ng ina at maging kaligtasan din ng ina.

Mahalaga ang papel na ginagampanan ng isang *panday* (ang tawag sa manghihilot ng mga Badjao) sa pangangalaga ng mag-ina mula sa pagbubuntis hanggang sa panganganak nito. Siya ang gumagabay sa ina sa mga bagay na dapat at hindi dapat gawin ng isang buntis at mga paniniwala ng mga Badjao sa pagbubuntis upang matiyak na hindi mahihirapan ang ina sa panganganak at kaligtasan nito. Naniniwala ang mga Badjao na kinakailangang hilutin ang tiyan ng ina. Ang pag-anyaya sa panday (manghihilot) sa paghihilot sa buntis dalawang buwan bago ito manganak ay tinatawag na *angentan buhat*. Ito ay hudyat na ang panday na iyon ang reponsableng tumingin sa buntis hanggang sa ito ay manganak. Hinihilot ang buntis sa ikaanim na buwan, ikawalo at ikasiyam na buwan ng pagbubuntis. Naniniwala ang mga Badjao na kailangan hilutin ang isang buntis upang maging maluwag ang galaw ng sanggol sa loob at upang masiguro na nasa tama at maayos na pusisyon ang sanggol. Ang paghihilot ng panday ay batay sa tradisyon at paniniwala ng mga Badjao. Ito ay may kasamang *pagtawal* upang masiguro na maging malusog at normal ang sanggol at hindi mahihirapan sa panganganak ang ina dahil tuloy-tuloy lamang ang paglabas ng sanggol. Ang mga tungkulin ng panday maliban sa paghihilot sa buntis at pagpapa-anak sa ina, siya rin ang naglalaba ng mga gamit sa panganganak nito. Gayundin sa paglilinis at pagpapaligo ng *tamuni* (*paris*) at paglilibing dito. Binibigyan ng mag-asawa ang panday ng apatnapung piraso ng barya, dalawang kilo at kalahati ng bigas (maaaring ganta), niyog, at isang kaha ng sigarilyo. Ang niyog ay gagawaan ng langis ng panday na siyang gagamitin niya sa paghihilot.

4.6 Pananalig kay Omboh at Pananampalataya kay Allah

Laganap naman sa bahaging Mindanao ang Islam o relihiyon ng mga Muslim. Pamana ito ng mga Arabe sa ating bansa. Ito ay isang uri ng paniniwalang monoteismo na nangangahulugang "pagsuko sa kagustuhan ng Diyos na si Allah" (Reyes, 2020). Tinatawag na "**syncretism**" ang uri ng pananampalataya ng mga Badjao. Ang mga Badjao ay nananalig kay Omboh. Ayon kay Bottignolo (1995) mula kay Maglana (2016) na ang mga Badjao ay may sariling relihiyon na tinatawag nilang "**Umboh...the name of the first man, and the great Badjao**

ancestors is also the name of their religion". Ang pananampalatayang ito ay pagsasanib ng pananampalatayang Islam at katutubong kosmolohiya at mga kinagawiang ritwal. Ang ganitong uri ng pananampalataya ay makikita sa mga ritwal sa siklo ng buhay at iba pang mga ritwal sa iba't ibang gawain tulad ng paggawa ng bangka, pangngisda, pabahay at kalusugan (Pelras 1996:97) salin mula kay Stacey (2007). Maraming mga ritwal ang isinasagawa ng mga Badjao na pinaghalo ang mga katutubong ritwal at pananampalatayang Islam mula pa sa pagbubuo ng pamilya- sa pag-aasawa at pagpapakasal na binanggit na sa unahan. Babanggitin ang ilan pa sa mga ito sa mga sumusunod na talakay. Makikita rin ang ganitong uri ng pananampalataya sa mga ritwal at seremonya sa pagbubuntis, panganganak hanggang sa kamatayan.

Malaki ang pagpapahalaga ng mga Badjao sa buhay na nasa sinapupunan ng ina. Kaya sa pagbubuntis pa lamang ng ina ay marami nang kailangan sundin na mga ritwal at seremonya upang mabigyan ng proteksyon ang buhay na nasa sinapupunan. Pagsapit ng ikatlong buwan ng pagbubuntis ng ina, kinakailangan isagawa ang *sampanglaha*. Ito ay ritwal kay *Oomboh*. Nangangahulugan itong pagtanggap sa sanggol sa sinapupunan ng ina at ganoon din pagtanggap sa sanggol sa kanilang tribo. Ang gagawa ng ritwal na ito ay ang *panday* (manghihilot). Kinakailangang gawin ang ritwal na ito upang maging maayos at malusog ang sanggol sa sinapupunan ng ina.

Itinuturing na mahalagang pagdiriwang sa mga Badjao ang *binangan*, *agsumbaw* at *kunit* sa bagong silang na sanggol at ina. Ang **Binangan** ay isang selebrasyon o pagdiriwang pagkatapos na malinisan ang bagong silang na sanggol. Ito ay isang pagdiriwang sa pamamagitan ng pagbabasa ng Qur'an upang iparinig sa sanggol ang kanyang relihiyon. Ito ay tanda ng pagyakap ng sanggol sa kanyang tribo at relihiyon. Sa ritwal na ito, may tatayong magulang sa sanggol. Isang bata ang bubuhat sa sanggol. Lalaking bata para sa sanggol na lalaki at babaeng bata naman ang bubuhat sa babaeng sanggol. Kailangan may hawak o nakaipit na *bari* sa braso ng batang bubuhat sa sanggol. Ang bari ay tumutukoy sa bagay na matulis na gawa sa metal tulad ng kutsilyo o sundang. Ito ay nangangahulugan ng katapangan na magsisilbing gabay sa sanggol na manindigan sa anumang bagay na alam niyang tama. Ginagawa rin ito upang hindi sila madaling malapitan ng masamang espiritu o elemento. Ito ay para sa kaligtasan ng sanggol.

Sa ikatlong araw naman ng panganganak, isang selebrasyon din ang magaganap na tinatawag na **Agsumbaw**. Ito ay isang simpleng pagdiriwang para sa ina at sanggol bilang pasasalamat sa biyaya ng buhay. Inihahanda ang mga pagkain tulad ng nilutong pagi (*bisah*), dilaw na kanin, saging, bawis isang uri ng isda at iba pang maliliit na isda. Sa araw na ito ginagawa ang ritwal na **kunit**. Ito ay paglalagay ng dilaw na bigas sa pitong bahagi ng pandama sa bagong panganak na ina bilang proteksyon sa mag-ina laban sa masamang elemento at espiritu. Para sa mga Badjao, ang tao ay may pitong pandama (pitong lawa). Ito ay makikita sa iba't ibang bahagi ng kasukasuan ng tao. Pinaniniwalaan ng mga Badjao na ang bawat kasukasuan na ito ay may sariling buhay. Hindi ito gagalaw kung wala itong buhay. Naniniwala sila na nawawala o kumakalas ang lakas at enerhiya ng isang babaeng nanganganak sa mga kasukasuan na ito kaya kailangan gawin ang *pagkunit* bilang *pagtawal* (paggamot) upang bumalik ang kanyang lakas. Ang dilaw na bigas ay sagrado at ginagamit sa pagtatawal para sa espiritu.

Malaki ang pagpapahalaga ng mga Badjao sa paris (*tamuni*) ng sanggol sapagkat kailangan itong ilibing na katulad ng isang taong yumao at inaalalayan ng dasal. Itinuturing na kakambal ito ng sanggol na ipinanganak na kailangan bigyan ng marangal na libing. **Tinulkin** ang tawag sa pag-aalay ng dasal sa paglilibing ng paris ng bata. Ito ay ginagawa ng panday o kahit sinuman sa pamilya. Kailangan dire-diretso lang ang tingin o isang direksyon lamang ang tingin ng sinumang maglilibing sa paris ng bata sapagkat pinaniniwalaan nila na ang bata ay magiging duling kapag hindi ito nasunod. **Tahalil** naman ang tawag sa dasal na iniaalay pagkatapos na paliguan at linisin ang bangkay ng isang yumao. Ang pagdarasal ay ginagawa ng Imam.

May iba't ibang paniniwala at ritwal ang mga Badjao sa paglilibing ng yumao at tungkol sa kamatayan. Hindi mawawala rito ang pag-aalay ng dasal para sa yumao, para sa kamag-anak ng yumao maging dasal para sa mga tumulong sa paglilibing.

Ganoon din iba't ibang pagkain ang inihahanda para sa ikatlong araw, ikapitong araw at ikasandaang araw ng pagkamatay. Iba't ibang termino rin para sa pagkaing ihahanda para sa yumao, iniaalay sa yumao, para sa

Imam, para sa manghihilot, para sa nagdarasal na katulong ng Imam, para sa magulang at kamag-anak ng yumao at para sa mga taong tumanggap ng mga gamit ng yumao. Ang mga pagkain ay *latalan*, *dulang panulsihan*, *dulang tamadjamu*, *dulang pagbutasan* at *dulang panaraka*. Binibigyan ng meryenda ang mga taong nakikiramay sa bahay ng yumao. Tinatawag itong *pagkalaan*. Pagkatapos ng libing nagsisilbi rin ng pagkain para sa mga nakilibing. Ang pagsisilbi ng pagkain ay sa bahay ng yumao, hindi sa *kubul* (sementeryo). Tinatawag itong *pagbangkay-bangkayan*.

Samantala iba't ibang uri naman ng dasal ang iniaalay ng mga Badjao sa yumao. Sa pagyao ng kanilang mahal sa buhay, inaalayan nila ito ng dasal na karaniwang ginagawa ng isang Imam. Maaari ding itong gawin ng isang *Pakil*, *Vilar* at *hatib*. Isa sa mga tradisyon ng mga Badjao ay ang pagpapaligo at paglilinis ng bangkay mula ulo hanggang talampakan. Tinatawag itong *tinulkin*. Ito ay nangangahulugan ng pagiging malinis ng tao sa kanyang pagtawid sa kabilang buhay at pagbabalik sa Maylikha. Naniniwala ang mga Badjao na isinilang ang tao sa mundo nang walang kasalanan. Malinis ang kanyang kalooban. Kailangan malinis ding siyang babalik sa Maylikha. Ito ay maihahalintulad sa paglilinis ng katawan sa tuwing sila ay pupunta ng mosque at mag-aalay ng dasal kay Allah. Sa pagtawid sa kabilang buhay kailangan maging malinis ang puso ng isang tao sa pagharap kay Allah upang siya ay tanggapin sa langit. Pagkatapos na paliguan at malinisan ang bangkay, aalayan ito ng dasal na ginagawa ng isang Imam na tinatawag na *Tahalil*. *Jinagahan* ang tawag sa pagdiriwang sa bahay ng yumao gabi-gabi sa loob ng pitong (7) gabi at ika-apatnapung (40) gabi ng kamatayan na nakapaloob sa pagluluksa ng pamilya sa kanilang mahal na yumao. Ang pagdiriwang na ito ay may kasamang pagbabasa ng bibliya o Qur'an na tinatawag na *Iadjian*. Karaniwan na sa kulturang Pilipino ang pakikiramay sa pamilya ng yumao sa pamamagitan ng paglalamay. Tinatawag itong *Agjaga* sa mga Badjao. Kahit wala na ang bangkay sa bahay, nilalamayan pa rin nila ito at nag-aalay ng dasal sa bahay ng yumao sa unang gabi hanggang ikapitong gabi ng pagkamatay nito. Ngunit patuloy pa rin ang pagdarasal para sa patay sa ika-apatnapung (40) gabi na tinatawag na sa *Hinang tapus* at maaari din gawin ang pagdarasal sa ika-sandaang (100) araw ng kamatayan.

4.7 Paniniwala sa Panahon at Takbo ng Kalikasan

Ang mga Badjao ay nananalig sa mga bagay-bagay sa paligid at penomenon pangkalikasan. Ang mga bagay at pangyayari sa paligid at kalikasan tulad ng buwan at bituin at maging ang panahon ang siyang pinagbabatayan nila ng kanilang mga gawain sa buhay. Ang *lendomán* ay panahon na walang buwan. Ito ay itinuturing na malas, madilim at negatibo sa mga Badjao. Ang mga mahahalagang okasyon ay kailangan gawin sa panahon na maliwanag ang buwan o **full moon** sapagkat ito ay magbibigay ng liwanag at swerte sa mga taong magdaraos ng mga gawain at okasyon at sa buhay tulad ng pag-aasawa.

Bago ang kasal ay tinitingnan o pinag-aaralan muna ng Imam kung ano ang pinakamagandang araw sa pagpapakasal. Tinitingnan din kung sa anong araw tatapat na may buwan o maliwanag ang buwan. Ito ay tinitingnan ng Imam sa kanilang *tinitik maputikaan*, ito ay aklat ng tradisyon ng mga Badjao. Ang araw ng kasal ay kailangan itapat kung saang maliwanag ang buwan sapagkat ang ganitong panahon ay punong-puno ng biyaya. Para sa kanila ang pagpapakasal sa panahon na walang buwan ay magdadala ng kamalasan at di magdadala ng ilaw sa mag-asawa. Nangangahulugan din itong kamatayan.

May mga pangyayari sa buhay ng mga Badjao na mababasa sa buwan. Kapag ang bituin na nasa itaas ng buwan ito ay nangangahulugan na may mamamatay na magulang. Kapag ang buwan ay napapagitna sa dalawang bituin ibig sabihin may magtatanan. Kapag ang bituin naman ay nasa ibaba ng buwan ito ay nangangahulugan na may anak na mamamatay. Kapag malayo ang dalawang bituin sa isa't isa ngunit nakahilera sa buwan ito ay nangangahulugan na may nagpaplanong magtanan. Kapag may bituin na mahulog sa bahay, may mamamatay o mawawala sa pamilya. Kung dadaan lang ang bituin magkakaroon ng malaking problema ang pamilya. Kapag may ganitong pangyayari kailangan itong kontrahin o isumpa. Maging sa pangingsda ay malaking tulong ang buwan sapagkat nakikita ng mga mangingsda sa buwan. Kapag **full moon** at **new moon**, ito ang panahon na maganda sa pangingsda sapagkat marami silang nahuhuling isda.

Naniniwala sila na may dalawang uri ng tao sa mundo. May masama at may mabuti. Kaya para sa kanila kailangan mabuhay nang naaayon sa iniuutos ng Diyos at isinasaad sa batas. Kapag masamang-masama ang panahon sa araw ng libing ng isang yumao para sa kanila ang namatay ay makasalanan at ayaw tanggapin ng lupa. *Pinanyata* ang tawag kapag masamang-masama ang panahon sa araw ng libing ng yumao. *Iyugan sulgah* naman kapag maganda ang panahon sa araw ng libing ng yumao. Ito ay nagangahulugan na ang taong namatay ay isang mabuting tao at handa siyang tanggapin ng lupa.

Naniniwala ang mga Badjao na bukas ang langit upang tanggapin ang buntis anuman ang mangyari sa kanya mula sa pagbubuntis hanggang sa panganganak nito at apatnapu't apat na araw (44) pagkapanganak niya na tinatawag na *ukab lawang langit*. Ayon sa mga Badjao, kailangan maging maingat ang ina, gawin ang lahat ng mga ritwal o *pagtawal* (paggamot) upang walang masamang mangyari sa kanya at sa sanggol. Naniniwala ang mga Badjao na bukas ang langit upang tanggapin ang babae sakaling siya ay masawi. Pagkapanganak ng babae kinakailangan niyang magpahinga nang lubusan sa loob ng apatnapu't apat (44) araw. Kinakailangan niyang kumpletuhin ang apatnapu't apat na araw ng pagpapahinga bago siya kumilos o gumawa ng anumang gawain sa loob man o labas ng bahay. Mula sa pagbubuntis at pagkatapos niyang manganak nasa kritikal na kalagayan ang buhay ng ina. Makabuluhan ang bilang na apatnapu't apat (44) sa mga Badjao. Para sa kanila ang bilang na apatnapu't apat (44) ay pagdiriwang ng buhay. Ipinagdiriwang ang buhay sa loob ng apatnapu't apat na araw (44). Buhay ang iniluwal ng ina sa mundo kaya ito ay dapat na ipagdiwang sa pamamagitan ng mga ritwal. Isinasagawa ito ng mga Badjao bilang proteksyon sa ina at sanggol.

5. Kongklusyon

Layunin ng pag-aaral na ito ang pagsasabuo ng konsepto ng *kalluman* ng Badjao sa pamamagitan ng paglalarawan ng kanilang identidad at kaakuhan na inilalahad ng mga kultural na katawagan sa domeyn ng siklo ng buhay gamit ang perspektibong emik.

Mula sa mga kultural na katawagan sa domeyn ng siklo ng buhay na may kabuuang bilang na isandaan at pito (107) nailarawan ang identidad ng Badjao at nabuo ang konsepto ng *kalluman* ng pangkat na ito. Natuklasan na ang mga Badjao ay 1) Konserbatibo 2) Nagtutulungan at may malapit na pag-uugnayan ng mga pamilya. 3) Mataas ang paggalang sa mga magulang, sa mga nakatatanda sa komunidad at sa mga ninuno 4) May pananalig sa mga espiritu at ang pakikipag-ugnayan sa mga ito ay mahalaga. 5) Mahigpit na pagsunod sa mga kinagisnang paniniwala ng mga ninuno 6) May pananalig kay *Omboh* at pananampalataya kay Allah. 7) Paniniwala sa panahon at takbo ng kalikasan. Ang konsepto ng *kalluman* ng Badjao sa siklo ng buhay ay nakasalig sa kanilang mga paniniwala sa mga sinaunang tradisyon na tinatawag na *boa kamatoahan*, pananalig sa kanilang mga ninuno na may kapangyarihang magbigay ng biyaya at proteksyon sa mga marunong magbigay at magbahagi ng mga biyaya sa iba at mag-alay ng pasasalamat sa mga biyayang natanggap, paggalang at pag-alala sa mga ninuno at mahigpit na pagsunod sa mga sinaunang tradisyon ng kanilang mga ninuno.

5.1 Rekomendasyon

Inirerekomenda ng mananaliksik na gumawa rin ng ganitong pag-aaral na ang tuon ay sa ibang pangkat ng mga Badjao na matatagpuan sa Basilan at Tawi-tawi. Gagawin ito upang malaman kung may pagkakatulad o pagkakaiba ba ang buhay at pamumuhay ng mga Badjao sa iba't ibang pulo sa Mindanao.

Iminumungkahi rin ng mananaliksik na gumawa ng iba pang pag-aaral tungkol sa mga Badjao na ang tuon ay sa konsepto ng mga Badjao sa edukasyon upang matukoy ang pagpapahalaga ng pangkat na ito sa edukasyon at kung paano ito makatutulong sa pag-angat sa antas ng pamumuhay nila.

Iminumungkahi rin ng mananaliksik na magsagawa ng pag-aaral hinggil sa iba't ibang ritwal ng mga Badjao sa domeyn ng siklo ng buhay at ang kahulugan kaakibat ng mga ritwal na ito.

6. Mga Sanggunian

- Adan, W. R. (2014). *Turning point: The God-forsaken people*.
<http://www.mindanews.com/mindaviews/2014/10/turning-point-the-god-forsaken-people/>
- Anies, O. S., Demayo, C. G., Torres, M. A. J., Manting, M. M. E., Villaflores, Z. M. C., & Guihawan, J. Q. (2012). Quality of Life of Four Muslim Tribes in Barangay Taluksangay, Zamboanga City, Philippines. *The Internet Journal of Biological Anthropology*, 5(1). <https://doi.org/10.5580/2b76>
- Bottignolo, B. (1995). *Celebrations with the sun: an overview of religious phenomena among the Badjaos*. Quezon City, Manila, Philippines: Ateneo de Manila University Press.
- Holman, H. C., & Harmon, W. (1992). *A handbook to literature*, 6th Ed. New York: Mcmillan Publishing Company.
- Jumala, F. (2011). From moorage to village: A glimpse of the changing lives of the Sama Dilaut. *Philippine Quarterly of Culture and Society*, 39(2), 87-131.
- Maglana, M. C. (2016). Understanding identity and diaspora: The case of Sama-Bajau. *Jurnal Sejarah Citra Lekha*, 1(2), 71-80.
- Navarro, E. R. (2015). *Living by the day: A study of the Badjaos in TawiTawi, Southwest Philippines*. Master thesis in peace and conflict transformation. The Arctic University of Norway.
- Nimmo, A. H. (1968). Reflections on Bajau history. *Philippine Studies*, 16(1), 32-59.
- Pallesen, A. K. (1972). Reciprocity in Samal marriage. In G. Rixhon (Ed.), *Sulu studies 1* (pp. 123-142). Jolo, Sulu: Notre Dame of Jolo College.
- Reyes, A. F. (2020). Mga leyendang Chabacano: Salamin sa pananampalatayang Zamboangueño. *International Journal of Research Studies in Education*, 9(8), 73-88. <https://doi.org/10.5861/ijrse.2020.5908>
- Sather. (1993). Bajau. *Encyclopedia of World Cultures*, 5, 30-35.
- Stacey, N. (2007). The maritime world of the Bajo. In *Boats to Burn: Bajo Fishing Activity in the Australian Fishing Zone* (Vol. 2, pp. 31–56). ANU Press.

